4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Marnie Lipata Vega (Silliman University)
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Tagasuri**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal Universty)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resource*s sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 1 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tungkulin sa pagkilala sa mga karapatan ng kapuwa-bata bilang tanda ng pagiging magalang. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawain na kumikilala sa karapatan ng kapuwa-bata**<br>1. Nailalahad ang sariling mga tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata<br>2. Nakapagbibigay ng mga patunay na ang sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata ay mahalaga sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan<br>3. Naisasakilos ang mga tungkulin sa pagkilala sa mga karapatan ng kapuwa-bata |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga** | Magalang *(Respectful)* |
| **D. Nilalaman** | 4. Kaugnayan ng Aking Karapatan at Tungkulin sa Iba<br>5. Mga Patunay ng Pagkilala sa Sariling Tungkulin Bilang Pagpapanatili ng Kaayusan at Kapayapaan<br>6. Mga Paraan ng Pagsasabuhay ng Pagiging Magalang. |
| **E. Integrasyon** | *Rights of the child* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Department of Education (n.d.). MATATAG curriculum good manners and right conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values education (VE) (Baitang 7-10) *Gabay Pangkurikulum.* Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City<br>Marte, N.C. and Punsala, T.G. (2018). *Paano magpakatao: batayan at sanayang aklat sa edukasyon sa pagpapakatao.* Manila: Rex Book Store<br>Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.). Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 4 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education |

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL.**<br><br>Suriin ang larawan at piliin ang tamang sagot na tinutukoy ng bawat bilang tungkol sa Karapatan at Tungkulin. Isulat ang tamang titik ng sagot sa patlang.<br><br><br>_____1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng Karapatan ng Kapuwa-Bata?<br>a. Karapatan kong bulyawan ang aking mga kaklase<br>b. Karapatan kong mag-*video* sa kapuwa ng walang paalam<br>c. Karapatan kong itulak ang aking kapuwa<br>d. Karapatan kong respetuhin at igalang ang kapuwa<br><br>_____2. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng Tungkulin ng Kapuwa Bata?<br>a. Tungkulin kong ubusin ang aking baon at huwag mamigay<br>b. Tungkulin kong maging magalang sa kapuwa-bata<br>c. Tungkulin kong pumasok ng *late* sa klase<br>d. Tungkulin kong hindi ko kausapin ang bago kong kaklase | Iugnay ang aralin noong nakaraang talakayan sa pagkilala sa kahalagahan ng karapatan at tungkulin ng kapuwa- bata sa bagong aralin tungkol rin sa karapatan at tungkulin ngunit nakatuon ngayon sa nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan at mga paraan ng pagsasabuhay ng pagiging magalang |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong. | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Pumili ng lider na magbabahagi ng sagot sa harap ng klase. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>1. Ano ang mga karapatan ng mga kabataan? Bakit mahalaga ito?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Ano ang mga tungkulin o responsibilidad ng mga kabataan? Paano ito nag-aambag sa komunidad?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>3. Paano mo itatawid ang pagtupad sa iyong mga tungkulin nang hindi naiikompromiso ang iyong mga karapatan? Ano ang mga kahalagahan nito?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN<br><br>Isang Tanong Pinakamagandang Sagot. Magbigay ng mga halimbawa ng mga situwasyon kung saan mahalaga ang paggalang sa pagsasagawa ng mga tungkulin at pagkilala sa mga karapatan ng mga kabataan.<br><br>Sagot: ________________________________________<br>________________________________________<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni____________________):<br>________________________________________<br>________________________________________</td>
<td>Lagumin ang talakayan sa pagsasabi: ang aralin sa linggong ito ay tungkol rin sa karapatan at tungkulin o responsibilidad ng mga kabataan at kung paano ito mapapatupad para sa kaayusan at kapayapaan.<br><br>Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>IKALAWANG ARAW<br><br>KAUGNAY NA PAKSA 4: Kaugnayan ng Aking Karapatan at Tungkulin sa Iba<br><br>PAGPROSESO NG PAG-UNAWA<br><br>P.P.P.S.T. Piliin at Punan ang mga Patlang ng Sagot na Tama.<br><br>1. Magpakita ng ______________ sa bawat isa.</td>
<td>Mga tamang sagot:<br>1. Respeto<br>2. Salita at Kilos<br>3. Handa<br>4. Ipaglaban<br>5. Magbigay at Tumulong</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | a. Lambing<br>b. Laruan<br>c. Respeto<br><br>2. Maging maingat sa mga _______________ at _______________.<br>a. Guro at *Principal*<br>b. Salita at Kilos<br>c. Tatay at Nanay<br><br>3. Maging _______________ sa pakikipagkompromiso<br>a. Bingi<br>b. Bulag<br>c. Handa<br><br>4. _______________ ang tama.<br>a. Ipaglaban<br>b. Ipagwalang bahala<br>c. Iwasan<br><br>5. _______________ at _______________ kung kinakailangan.<br>a. Kumain at Tumawa<br>b. Magbigay at Tumulong<br>c. Maligo at Magkape<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>Basahing mabuti ang bawat tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>_____1. Ano ang ibig sabihin ng "karapatan ng kapuwa-bata"?<br>a. Pribilehiyo ng mga magulang.<br>b. Limitasyon sa kilos ng mga bata.<br>c. Pamamahagi ng mga bata sa trabaho.<br>d. Mga kalayaang dapat matamo ng mga bata.<br><br>_____2. Ano ang tungkulin ng mga matatanda sa pagkilala sa karapatan ng mga bata?<br>a. Basta't mahalin ang mga bata.<br>b. Huwag nang pakialaman ang mga bata.<br>c. Itaguyod ang interes ng mga matatanda. | Talakayin ang bawat bilang sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang mga halimbawa.<br><br>**Mga tamang sagot**:<br>1. d<br>2. d<br>3. c<br>4. d<br>5. c |

d. Siguruhing naipapahayag ang saloobin ng mga bata.

_____3. Aling hakbang ang hindi bahagi ng pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata?
a. Pakikinig sa kanilang mga opinion.
b. Pagtuturo ng mga limitasyon sa kanilang kilos.
c. Pagsasawalang-bahala sa kanilang mga pangangailangan.
d. Pagbibigay daan sa kanilang malaya at ligtas na pagsali sa mga gawain.

_____4. Paano maisasakatuparan ang tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata?
a. Sa pamamagitan ng pagpapabaya sa kanilang kalusugan.
b. Sa pamamagitan ng pagdadamot ng mga bata sa kanilang karapatan.
c. Sa pamamagitan ng pakikialam sa kanilang mga personal na desisyon.
d. Sa pamamagitan ng pagtanggol sa kanilang karapatan sa lahat ng pagkakataon.

_____5. Ano ang maaaring maging resulta ng tamang pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata?
a. Pagkabigo sa pag-unlad ng mga bata.
b. Pagkawala ng respeto mula sa mga matatanda.
c. Pagpapalakas ng kanilang pagkatao at potensyal.
d. Pag-usbong ng kumpetisyon sa pagitan ng mga bata.

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Payo Ko Kaibigan Ko.** Anong payo ang iyong sasabihin sa matalik mong kaibigan kapag nakikita mong ganito ang ginagawa niya?

| Ginagawa ng Matalik kong Kaibigan | Ang Payo ko ay: |
|---|---|
| Ginagabayan ang mga kamag-aral bilang presidente ng klase. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Hindi nagsasabi ng “Po” at “Opo” sa guro at nakatatanda. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

Tumawag ng limang mag-aaral bawat bilang upang magbahagi ng kanilang mga sagot.

| | |
|---|---|
| Tumatayo sa kaniyang upuan at pinapaupo ang mga babaeng kaklase | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 5: Mga Patunay ng Pagkilala sa Sariling Tungkulin Bilang Pagpapanatili ng Kaayusan at Kapayapaan**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahing mabuti ang dalawang situwasyon at sagutin ang tanong tungkol dito.

Situwasyon: Sa kanilang tahanan, si Liza ay may tungkulin na mag-ayos ng kaniyang kuwarto at linisin ang mga gamit niya pagkatapos gamitin. May mga pagkakataon na hindi niya ito ginagawa at iniiwan na lang niya ang mga kalat.

Tanong: Anong puwedeng mangyari kapag hindi tinutupad ang sariling tungkulin? Bakit?

Sagot: ______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

Situwasyon: Sa kanilang barangay, may mga batang naglalaro sa kalsada nang may pahintulot mula sa kanilang mga magulang. Ang mga kapuwa-bata ay nagbabantay upang maiwasan ang maaaring magdulot ng peligro hindi lamang sa kanila kundi pati na rin sa mga motorista at mga residente.

Tanong: Ang ginagawa ba ng mga bata ay nagpapakita ng pagpapanatili ng kaayusan sa komunidad? Bakit?

Pangkatin ang klase ng may apat na miyembro at pumili ng isang situwasyon na sasagutin. Magtalaga ng lider na mag-uulat ng sagot sa harap ng klase.

| | | |
|---|---|---|
| | Sagot: ______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>Basahin ng mabuti ang bawat tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br>_____1. Ano ang tawag sa gawain na maipapakita ng isang bata ang kaniyang pagtupad sa mga responsibilidad o trabaho nang may kahusayan at dedikasyon?<br>a. Karapatan<br>b. Paggalang<br>c. Pagmamalaki<br>d. Tungkulin<br><br>_____2. Aling mga salita ang nagpapakita ng pagkilala sa dignidad at halaga ng bawat isa?<br>a. Karapatan<br>b. Paggalang<br>c. Pagmamalaki<br>d. Tungkulin<br><br>_____3. Saan nakasalalay ang balanseng ugnayan ng pagtupad sa tungkulin at pagkilala sa karapatan ng iba?<br>a. Karapatan<br>b. Paggalang<br>c. Pagmamalaki<br>d. Tungkulin<br><br>_____4. Ano ang nagiging resulta kapag ang bawat isa ay nagtutulungan na maipahayag ang kanilang karapatan at maipatupad ang kanilang mga tungkulin?<br>a. Alitan at gulo sa lipunan | **Mga tamang sagot:**<br>1. d<br>2. b<br>3. b<br>4. b<br>5. d |

b. Kaayusan at kapayapaan
c. Sobrang pagsisikap sa trabaho
d. Pagkakawatak-watak ng komunidad

_____5. Ano ang tawag sa mga pangunahing gawain o obligasyon na may kaakibat na karapatan at pribilehiyo?
a. Karapatan
b. Paggalang
c. Pagmamalaki
d. Tungkulin

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

***P.S.143.*** Pagsulat ng Sanaysay na isang talata lamang at hindi hihigit sa apat at hindi bababa sa tatlong pangungusap. Basahing mabuti ang pangungusap at dugtungan sa pamamagitan ng paggawa ng maikling sanaysay.

Nais kong ipagpatuloy ang aking pagganap sa aking mga sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa ko bata sapagkat ____________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**KAUGNAY NA PAKSA 6: Mga Paraan ng Pagsasabuhay ng Pagiging Magalang.**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin ng mabuti ang dalawang situwasyon at sagutin ang tanong tungkol dito.

Situwasyon: Sa klase, si Carlos ay iginagalang ang mga panuntunan dahil hindi siya laging nahuhuli sa klase at nagpapasa sa tamang oras ng mga takdang-aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | Lagi siyang sumusunod sa mga utos ng guro, at hindi siya nagbibiro at nangaabala ng mga kasamahan niya.<br><br>Tanong: Mayroon bang magiging epekto ang paggalang ni Carlos sa kaniyang tungkulin at karapatan? Bakit?<br><br>Sagot: ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Situwasyon: Sa paaralan, si Miguel ay nagpaparinig ng malalaswang salita sa kaniyang mga kaklase. Ang mga kaklase naman ay napipilitang tumahimik dahil natatakot na baka masaktan sila o magkagulo sa silid aralan.<br><br>Tanong: Nagpapakita ba si Miguel ng paggalang sa karapatan ng kapuwa-bata? Bakit?<br><br>Sagot: ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**Pagtapat-tapatin.** Itapat ang nasa ikalawang hanay na mga epekto ng pagiging magalang at bunga ng hindi magalang sa tama nitong epekto at bunga sa Unang Hanay. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>Unang Hanay — Ikalawang Hanay<br><br>_____1. Pinagkakatiwalaan at kinalulugdan — a. Epekto ng pagiging magalang | Pangkatin ang klase ng may apat na miyembro at pumili ng isang sitwasyon na sasagutin. Magtalaga ng lider na mag-uulat ng sagot sa harap ng klase.<br><br>**Mga tamang sagot:**<br><br>1. a<br><br>2. b |

_____2. Nagbubunga ng hindi magandang ugali
_____3. Nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan          b. Bunga ng hindi magalang
_____4. Nagdudulot ng mabuting ugnayan
_____5. Nagpapatibay ng respeto sa sarili

3. b

4. a

5. a

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing,* o gumawa ng larawan na nagpapakita ng pagsasabuhay ng pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin ng kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan. Lagyan ng akmang pamagat o titulo ang iyong *drawing* o larawan. Gamitin ang nakapaloob na rubrik sa pagmamarka ng sagot.

______________________________
(Pamagat o Titulo)

______________________________
(Iyong Pangalan)

Rubriks sa pagmamarka ng *drawing* o larawan:

| Marka | Basehan ng pagmamarka |
| --- | --- |
| 100 | Napakalinaw ang pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan |
| 90 | Malinaw ang pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan |
| 80 | Mayroong pagpapakita ng pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan |
| 70 | Hindi malinaw ang pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan |

<table>
<tr><td></td><td><table><tr><td>60</td><td>Walang nakikitang pagiging magalang para sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan</td></tr></table></td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>PABAONG PAGKATUTO<br><br>Tama-Mali-Dahilan (T.M.D). Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapahalaga sa karapatan at tungkulin sa kapuwa-bata na nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot.<br><br>
<table>
<tr><td rowspan="2">Mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay o nagpapakita ng paggalang sa sarili</td><td colspan="2">Lagyan ng “tsek”</td><td rowspan="2">DAHILAN</td></tr>
<tr><td>TAMA</td><td>MALI</td></tr>
<tr><td>1. Ang mga Karapatan at tungkulin ay mas angkop sa mga matatanda lamang.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>__________</td></tr>
<tr><td>2. Habang bata ay nililinang na sa kanila ang kahalagahan ng pagiging magalang.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>______________<br>____________________<br>________________</td></tr>
<tr><td>3. Lahat ng tao ay may karapatan at tungkulin kahit ang mga tao na nakakulong sa bilangguan.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>______________<br>____________________<br>________________</td></tr>
<tr><td>4. Maging magalang lang sa mga taong kagalang-galang at mga taong iginagalang ka.</td><td></td><td></td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td></tr>
</table></td><td>Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.<br><br>Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.</td></tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ____________________ |
| 5. May matututuhan ang mga matatanda sa mga karapatan at tungkulin ng mga bata. | | | ____________________ |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang mga sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Piliin ang Tamang Sagot.** Basahin ang sumusunod na mga tanong. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>_____1. Ano ang ibig sabihin ng "karapatan ng mga bata"?<br>a. Responsibilidad ng mga bata sa komunidad.<br>b. Pagtuturo sa mga bata ng mga gawain sa bahay.<br>c. Paggawa ng mga obligasyon ng mga bata sa paaralan.<br>d. Legal na pribilehiyo o kalayaan na nararapat taglayin ng mga bata.<br><br>_____2. Ano ang potensyal na epekto ng pagkilala sa karapatan ng mga bata sa kapayapaan sa lipunan?<br>a. Mas magiging disiplinado ang mga bata sa tahanan.<br>b. Pagkakaroon ng mas maraming mga alituntunin para sa mga bata.<br>c. Mas magiging pabaya ang mga bata sa kanilang mga responsibilidad.<br>d. Pagkakaroon ng mas malalim at makatarungan na ugnayan sa lipunan.<br><br>_____3. Paano maaaring mapalaganap ang kaalaman tungkol sa mga karapatan ng mga bata?<br>a. Sa pamamagitan ng online games.<br>b. Sa pamamagitan ng edukasyon sa paaralan.<br>c. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga paligsahan.<br>d. Sa pamamagitan ng magdamag na panonood sa TV ng mga obligasyon ng mga magulang.<br><br>_____4. Ano ang pangunahing layunin ng pag-aaral ukol sa mga karapatan ng mga bata?<br>a. Isulong ang diskriminasyon sa mga bata sa paaralan.<br>b. Palakasin ang pagiging mapanagutan ng mga bata sa tahanan.<br>c. Maunawaan ang mga karapatan ng mga bata at ang kanilang implikasyon.<br>d. Itaguyod ang mga bata na maging mas kritikal sa kanilang pananaw.<br><br>_____5. Paano magiging bahagi ang mga bata sa pagpapanatili ng kaayusan sa paaralan?<br>a. Sa pamamagitan ng pagiging maligaya lamang sa klase .<br>b. Sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti sa mga asignatura.<br>c. Sa pamamagitan ng pagkilala sa mga karapatan at pagiging responsible.<br>d. Sa pamamagitan ng pagtanggi sa paglahok sa mga aktibidad ng paaralan. | **Mga tamang sagot:**<br>1. d<br>2. d<br>3. b<br>4. c<br>5. c<br>6. d<br>7. a<br>8. d<br>9. d<br>10. a |

| | | |
|---|---|---|
| | _____6. Ano ang maaaring maging positibong epekto ng pag-unawa sa karapatan ng mga bata sa tahanan?<br>a. Pagkakaroon ng mas matinding disiplina sa mga bata.<br>b. Pagkakaroon ng mas mahigpit na mga alituntunin sa paaralan.<br>c. Pagpapalakas ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga magulang at bata.<br>d. Pagsusulong ng mas malalim na ugnayan sa pamilya at pag-unlad ng mga bata.<br><br>_____7. Paano maipapakita ng isang bata ang kaniyang pagkilala sa karapatan ng ibang bata?<br>a. Pagpapahiram ng kaniyang gamit o laruan.<br>b. Pagtuturo ng mga bagong laro sa ibang bata.<br>c. Pagsasalita ng mas malakas kaysa sa ibang bata.<br>d. Pagpapakita ng kayabangan at pananakit sa ibang bata.<br><br>_____8. Ano ang maaaring resulta ng hindi pagkilala sa karapatan ng mga bata?<br>a. Mas mataas na kalidad ng edukasyon para sa mga bata.<br>b. Pag-unlad ng mga kasanayan sa komunikasyon ng mga bata.<br>c. Pagkakaroon ng mas maraming mga aktibidad para sa mga bata.<br>d. Pagkakaroon ng mas maraming mga gulo at hidwaan sa komunidad.<br><br>_____9. Paano maipakikita ng mga magulang ang kanilang pagkilala sa karapatan ng mga bata?<br>a. Pagtakip sa mga opinyon at damdamin ng mga bata.<br>b. Pag-aangkin ng lahat ng mga desisyon para sa mga bata.<br>c. Pag-aalok ng mga responsibilidad na labag sa karapatan ng mga bata.<br>d. Pagbibigay ng tamang edukasyon tungkol sa mga karapatan ng mga bata.<br>_____10. Ano ang potensyal na epekto ng tamang edukasyon ukol sa karapatan ng mga bata?<br>a. Pagpapalakas ng kanilang kaalaman at kasanayan.<br>b. Pagpapalakas ng mga takot at pag-aalala ng mga bata.<br>c. Pagkakaroon ng mas maraming mga patakaran para sa mga bata.<br>d. Pagkakaroon ng mga aktibidad na hindi kailanman gagamitin ng mga bata.<br><br>**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**<br>***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata at pagiging magalang. | Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa |

| Naisagawa o naipakita ko ba ang mga kilos na ito sa aking kapuwa-bata? | Lagyan ng isang tsek (√) ang akmang kilos | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Tamang Karapatan</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mabuting Tungkulin</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Naging Magalang</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>
<table>
<tr><td rowspan="2">Ipinagdasal ko ba ang mga sumusunod sa araw na ito?</td><td colspan="5">Lagyan ng isang tsek (√) ang akmang kilos</td></tr>
<tr><td>Fri</td><td>Mon</td><td>Tues</td><td>Wed</td><td>Thurs</td></tr>
<tr><td>Pamilya</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Guro</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kaklase</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kaibigan</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.<br><br>Ang pagtala ng mga ipinagdasal sa sumusunod na mga araw ay may kaugnayan sa susunod na aralin ng kuwarter tungkol sa pagkilala sa sariling pananampalataya.</td>
</tr>
<tr>
<td>9. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>10. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>